SEPTEMBER 2022 ISSUE　KANI POLICE STATION 61-0110　IMAWATARI PRECINT 63-5739

# IMAWATARI BULLETIN

Para sa website ng Kani Pulis Station



## PAGHANDAAN ANG PAGDATING NG KALAMIDAD

▶ Ang lindol ay biglaang dumarating, kung kaya`t agad lumikas kung may guho sa inyong bahay, sunog o kaya ay biyak sa lupa
▶ Sa oras ng bagyo, agad lumikas kapag bumaha, may landslide o kaya ay may mga nahuhulog na bato or putik sa inyong kinaroroonan
▶ Bago pa man dumating ang kalamidad, ugaliin ng ihanda ang sarili. Ang tamang paghahanda ay mahalaga sa oras ng kalamidad.
▶ Tandaan na mas mahalaga ang buhay ng tao kaysa sa mga ari-arian.
▶ Sa oras na kinakailangan nang lumikas, huwag nang magbitbit ng gamit at lumikas agad.

① Kasama ng inyong pamilya, alamin at pag-aralan ang lokasyon ng mga evacuation centers at mga ruta nito.
② Kasama ng inyong pamilya, pag-isapan at pagplanuhan ang pamamaraan ng komunikasyon sa oras ng kalamidad
③ Maglaan ng bag na madaling dalhin sa oras ng kalamidad. Mag empake lamang ng magagaang at kinakailangang gamit. (Ngunit sa oras ng matinding kalamidad, huwag nang mag empake at agad lumikas)
④ Sa oras ng bagyo, malakas na pag-ulan o niyebe, manood ng telebisyon o kaya ay makinig ng radio upang malaman kung ano ang mga susunod na hakbang, ligtas na pupuntahan(sa oras ng baha) o ang kondisyon ng paligid(aftershocks)at mga biktima ng kalamidad
⑤ Maghanda ng magaan at mainit na damit
⑥ Kung nararamdaman ninyong delikado na ang situwasyon, kausapin ang pamilya at agad nang lumikas
⑦ Kapag naglabas na ng utos ang munisipyo na kailangan ng lumikas, huwag ng magmatigas at agad sumunod sa utos
⑧ Magsuot ng ligtas at komportableng sapatos kapag lilikas. (Kapag napasukan ng tubig ang bota ay mahihirapang maglakad ng maayos)
⑨ Kung lilikas, tawagin na rin at isama ang mga nakakatanda at iba pang mga taong kinakailangan ng tulong sa paglikas.



Tumawag sa #9110 Kung may mga pakiusap, o kaya ay konsultasyon sa patungkol sa ka pulisan. Maari rin tumawag sa Kani Police Station sa (0574—61—0110)

## AUTUMN NATIONAL TRAFFIC SAFETY MOVEMENT

Sept.21,2022(Miyerkules)~ Sept.30,2022 (Biyernes)

（1） Siguruhin at panatilihin ang seguridad ng mga bata at nakakatanda sa paglalakad sa kalsada
（2） Iwasan ang mga aksidente sa mga pedestrian tuwing gabi at tuluyang paglipol ng drunk driving at iba pa
（3） Pag-igtingin ang batas pang trapiko upang ma protektahan ang mga ngbibisekleta

Dahil mapapaaga na ang pagsapit ng gabi, pinapaalalahanan ang mga driver na buksan ang headlight ng sasakyan Pinapaalalahanan din ang mga pedestrian na magsuot ng reflector upang sa tuwing tatawid maiiwasan ang aksidente. Tayo`y magtulungan upang maiwasan ang aksidente sa kaldasa.




## Mag-ingat sa mga Magnanakaw Ng Gamit sa Loob ng Sasakyan

Dumarami na ang mga kaso ng pagnanakaw ng gamit sa loob ng sasakyan. Upang hindi maging biktima, ugaliing sundin ang mga sumusunod:

○ Kahit na hindi magtatagal o kaya sa saglit lang ang lakad, huwag iiwanan ang sasakyan ng nakabukas. Ugaliing ilock at isara ang bintana ng sasakyan.
○ Huwag iwanan ang bag,pitaka at iba pang mamahaling gamit sa sasakyan. Dalhin ito kapag lalabas.
○ Iwasan ang illegal na pagparada kung saan-saan at huwag magparada sa kalsada sa gabi.

